# Programang pangkomunidad ng CARD MRI, tampok sa exposure tour program sa Laguna

The Philippines' recent achievement of becoming an upper-middle-income country (UMIC) is a milestone worth celebrating. However, the progress also brings an important question: Are all Filipinos benefiting from the country's economic growth?

The issue was highlighted during the World Bank's High-Level Dialogue on Upper Middle-Income Growth and the launch of the Philippines Economic Update, themed "Moving Up, Aiming Higher." The event provided an opportunity to reflect on the country's economic progress and the challenges that remain.

(see page 7...)




*Binisita ng mga kalahok ng Panaghiusa ang CARD MRI Astro Laboratories, Inc. sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna. Bilang manufacturing arm nito, itinutaguyod ng pasilidad ang layunin ng CARD MRI na wakasan ang kahirapan sa pamamagitan ng paglikha ng mga abot-kayang produkto para sa kalusugan, personal na pangangalaga, at tahanan.*

# CALAX, CCLINK NAKIPAG-UGNAYAN SA MGA LOKAL NA OPISYAL PARA SA FLOOD MITIGATION SA CAVITE

CAVITE — Bilang bahagi ng patuloy na pagsuporta sa mga hakbang laban sa pagbaha sa lalawigan, nagsagawa ang CALAX at CAVITEX-CALAX Link (CCLink) project team ng serye ng mga pagpupulong noong Agosto 2026 kasama ang mga lokal na opisyal at kinatawan ng mga kaugnay na ahensya.

Kabilang sa mga nakipagpulong ng project team sina Hon. Juan Ysmael "Jygs" Gandia, Provincial Board Member ng Unang Distrito ng Cavite; Kawit Mayor Armie Aguinaldo; mga kinatawan ng Office of Congressman Ramon "Jolo" Revilla III; at mga opisyal mula sa Department of Environment and Natural Resources

see page 3...









PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 25 NO. 30 SEPTEMBER 14 - 20, 2026 P20.00

# BOOKKEEPER NG GENERAL VITO BELARMINO INHS, KINILALA SA 2026 GAWAD LINGKOD BAYANI

SILANG, CAVITE — Kinilala si Amabelle Ramos Balayan, Admin Assistant III at Senior Bookkeeper ng General Vito Belarmino Integrated National High School (INHS), bilang 2026 Regional Qualifier ng Gawad Lingkod Bayani ng Civil Service

(see page 3...)




# HANDOG NG PANGULO 2026, NAGHATID NG TRABAHO AT SERBISYO SA TAGAYTAY

see page 3...

TAGAYTAY CITY, CAVITE — Naging sentro ng oportunidad at serbisyo para sa mga mamamayan ang Tagaytay City Velodrome sa isinagawang Handog ng Pangulo 2026: Serbisyong Sapat Para sa Lahat noong Setyembre 14.

Ang nationwide initiative ay naglalayong ilapit sa mga Pilipino ang iba't ibang programa, serbisyo at tulong mula sa pamahalaan, kabilang ang mga oportunidad sa trabaho, frontline government




# LIBRENG DINOSAUR PARK, PAPARATING SA DASMARIÑAS

Isang kakaibang prehistoric adventure ang maaaring abangan ng mga residente at pamilya sa Dasmariñas ngayong Setyembre matapos ianunsyo ang paparating na Dasma-Sauric Adventure, isang libreng dinosaur park na

see page 9...



*BALIK-TANAW SA PANAHON NG MGA DINOSAURIO! — Tampok sa Dasmariñas City Dinosaur Park ang makukulay at malalaking dinosaur replicas na nagbibigay ng kakaibang educational at family-friendly experience para sa mga bata at bisita.*

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 30 SEPTEMBER 14 - 20, 2026 P20.00

# MAGALLANES LGU, PINAG-AARALAN ANG E-JEEP PARA SA MODERNONG TRANSPORTASYON

MAGALLANES, CAVITE — Pinag-aaralan ng Pamahalaang Bayan ng Magallanes ang posibilidad na paggamit ng fully electric at air-conditioned e-jeepney bilang bahagi ng planong modernisasyon ng pampublikong transportasyon sa bayan.

Isinagawa ang inspeksiyon at

(see page 3...)




# MMDA INAUGURATES NATURE PARK, DISASTER PREPAREDNESS TRAINING FACILITY IN CARMONA, CAVITE

From a former landfill and once-degraded property, the Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) transformed the site into a dedicated facility in Carmona, Cavite that brings together programs for disaster preparedness and response, environmental sustainability, agriculture, capacity building, and other public services for Metro Manila and nearby communities.

Executive Secretary Ralph Recto, together with MMDA Chairman Atty. Don Artes, and other government officials led today the inauguration of the MMDA Nature Park and other development projects at Sitio Paligawan Matanda, Barangay Lantic, Carmona, Cavite.







The development of the former sanitary landfill into the MMDA Nature Park was conceptualized by Cabinet Secretary Benhur Abalos during his tenure as MMDA Chairman, following the policy direction of President Ferdinand Marcos Jr. to provide additional green and open spaces for public recreation and environmental enhancement.

In his message at the inauguration ceremony, Recto recognized the transformation of the site as a great example of the MMDA

(see page 3 ...)

# D' INDOOR SPORTS CENTER, PORMAL NANG BINUKSAN SA CAVITE CITY




CAVITE CITY, CAVITE — Pormal nang binuksan ang D' Indoor Sports Center (DISC), isang bagong pasilidad na naglalayong magsilbing tahanan para sa sports, fitness at pagsasanay ng mga atleta sa Cavite City.

Itinuturing ang bagong sports center bilang karagdagang pasilidad para sa mga Caviteño na nais maging aktibo, mag-ensayo at linangin ang

(see page 3...)

# DILG 60TH BATCH APPRENTICESHIP, TAMPOK SA EXECUTIVE BRIEFING SA INDANG

INDANG, CAVITE — Isinagawa sa Bayan ng Indang ang Executive Briefing on LGU Observations and Recommendations bilang bahagi ng requirements ng Supervised Field Immersion Phase ng 60th Batch Local Government Operations Officer Apprenticeship Program ng Department of the Interior and Local Government (DILG).

Inihanda ni LGOO

see page 9...




*PAGPAPALAKAS NG SERBISYONG BAYAN — Isinagawa ang DLG 60th Bayanihan bilang bahagi ng patuloy na pagtutulungan at pagkakaisa tungo sa mas mahusay na serbisyo para sa mamamayan, na ginanap noong Setyembre 10, 2026 sa Indang, Cavite.*

# P4.6-M PONDO, IIPAMAHAGI SA 23 BARANGAY NG KAWIT

see page 9...




*BAYAN PARA SA BAWAT PANGARAP — Tampok ang pagtutulungan ng mga lider at katuwang na organisasyon sa pagbibigay ng suporta at oportunidad para sa mga mamamayan, bilang bahagi ng programang naglalayong isulong ang kaunlaran at kapakanan ng bawat barangay.*

# GENERAL TRIAS, HOST NG 48TH NATIONAL DISABILITY RIGHTS WEEK SA CAVITE




GENERAL TRIAS CITY, CAVITE — Naging host city ang Lokal na Pamahalaan ng General Trias para sa pagdiriwang ng 48th National Disability Rights Week, sa pakikipagtulungan ng Office of the Provincial Persons with Disability Affairs (OP-PDA) ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite.

Bitbit ang temang "Rights First, Legislation Forward: Strategic Action for Equal Participation and Inclusive Development," binigyang-diin ng programa ang kahalagahan ng

see page 9...

ACCEPTING ADS - 09975232302/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

EDITORIAL

## HANDOG NG PANGULO 2026: AYUDA BA O PAMPALUBAG-LOOB?

Sa bawat supot ng ayuda na inaabot sa isang pamilyang nagugutom, may tanong na hindi dapat takasan ng pamahalaan: Hanggang kailan kailangang umasa ang Pilipino sa handout para mabuhay?

Ang Handog ng Pangulo 2026 ay maaaring magbigay ng agarang ginhawa sa mga pamilyang kapos. Walang masama sa pagtulong—lalo na sa mga tunay na nangangailangan. Ngunit hindi dapat maging kapalit ng pangmatagalang solusyon ang isang supot ng pagkain, kaunting ayuda o anumang pansamantalang tulong.

Kung ang presyo ng pagkain ay patuloy na mabigat sa bulsa, sahod ay hindi sapat, trabaho ay kulang at serbisyo publiko ay hindi pantay, hindi sapat na sabihing "may ayuda naman." Ang mamamayan ay hindi dapat palaging naghihintay sa susunod na pamamahagi para lamang makaraos.

Mas dapat pagtuunan ng pamahalaan ang mga ugat ng kahirapan—sapat na trabaho, disenteng sahod, abot-kayang pagkain, maayos na edukasyon, serbisyong pangkalusugan at oportunidad para sa maliliit na negosyo. Ang tunay na tulong ay yaong nagbibigay sa tao ng kakayahang tumayo sa sariling paa, hindi yaong paulit-ulit siyang ibinabalik sa pila ng ayuda.

At higit sa lahat, bawat pisong ginagastos para sa programang ito ay pera ng taumbayan. Kaya nararapat lamang na maging malinaw kung magkano ang pondo, saan ito ginagamit, sino ang tunay na




benepisyaryo at paano pinipigilan ang palakasan, padrino at paggamit ng ayuda bilang pampulitikang puhunan.

Hindi dapat gawing entablado ng pulitika ang paghihirap ng mamamayan. Ang gutom ay hindi campaign material. Ang kahirapan ay hindi dapat gawing dekorasyon sa mga tarpaulin at seremonya.

Kung ang Handog ng Pangulo 2026 ay tunay na para sa Pilipino, dapat itong maging tulay tungo sa sariling kakayahan, hindi kadena ng permanenteng pag-asa sa ayuda.

Dahil ang tunay na handog ng isang responsableng pamahalaan ay hindi lamang isang supot na nauubos sa loob ng ilang araw. Ito ay trabahong may disenteng sahod, serbisyong maaasahan, pagkain na kayang bilhin at kinabukasang hindi kailangang ipagsiksikan sa pila ng ayuda.

Tulong ngayon, oo. Pero higit sa lahat—kabuhayan, dignidad at tunay na pagbabago.

# HEALTH TIPS

## MGA PAGKAING MABUTI SA NGIPIN

Hindi lamang regular na pagsesepilyo at paggamit ng dental floss ang mahalaga para mapanatiling malinis at malusog ang ating mga ngipin. Malaki rin ang papel ng tamang pagkain sa pagpapanatili ng magandang kalusugan ng bibig.

Kabilang sa mga inirerekomendang pagkain at inumin para sa ngipin ang tubig. Malaking tulong ang pag-inom ng tubig upang mabawasan ang bacteria at asukal na maaaring dumikit sa ngipin at maging sanhi ng tooth decay. Matapos kumain o magmeryenda, lalo na kung nakakain ng candy o tsokolate, makabubuting uminom ng tubig upang makatulong na mahugasan ang mga natirang pagkain sa bibig. Kung walang pagkakataong makapagsepilyo agad, maaari ring magmumog ng tubig upang makatulong na matanggal ang mga dumi na sumingit sa pagitan ng mga ngipin.

Mabuti rin para sa ngipin ang mga malulutong na gulay at prutas tulad ng mansanas, peras, carrots, celery, pipino, at bell pepper. Ang pagnguya sa mga ganitong pagkain ay maaaring makatulong sa pagdami ng produksyon ng laway, na mahalaga sa natural na paglilinis ng bibig at pagtulong na mabawasan ang bacteria.

Ang keso ay isa rin sa mga pagkaing maaaring makatulong sa kalusugan ng ngipin. Taglay nito ang calcium at iba pang sustansiyang mahalaga sa pagpapanatili ng malakas na enamel. Maaari rin itong makatulong sa pag-neutralize ng acidity sa bibig na maaaring makasira sa enamel ng ngipin.

Maaari ring maging bahagi ng healthy oral care ang pag-inom ng tsa-a. May mga pag-aaral na nagsusuri sa potensiyal ng ilang sangkap sa tsa-a na makatulong sa paglaban sa bacteria at iba pang prosesong nauugnay sa pagkasira ng ngipin. Gayunman, mas mainam itong inumin nang walang dagdag na asukal upang hindi madagdagan ang panganib ng tooth decay.

Para naman sa mga mahilig ngumunguya ng chewing gum, maaaring piliin ang sugar-free gum na may xylitol. Ang xylitol ay isang natural na pampatamis na hindi madaling magamit ng bacteria sa bibig. Ang pagnguya ng sugar-free gum ay nakatutulong din sa pagtaas ng produksyon ng laway, na bahagi ng natural na depensa ng bibig laban sa acid at bacteria.

Bukod sa pagpili ng tamang pagkain, mahalaga pa rin ang regular na oral hygiene. Ugaliing magsipilyo nang hindi bababa sa dalawang beses bawat araw gamit ang fluoride toothpaste, gumamit ng dental floss upang malinis ang pagitan ng mga ngipin, at linisin din ang dila upang makatulong sa pagpapanatili ng sariwang hininga.

Mahalaga rin ang regular na pagpapatingin sa dentista upang maagapan ang anumang problema sa ngipin at gilagid. Sa pamamagitan ng tamang pagkain, wastong pangangalaga sa bibig, at regular na dental checkup, mas mapapanatili ang malusog at matibay na ngipin.

## SMEMPCO MART, OPISYAL NANG INILUNSAD SA SILANG

SILANG, CAVITE — Isang bagong milestone ang ipinagdiriwang ng Silang Municipal Employees and Community Multi-Purpose Cooperative (SMEMPCO) matapos nitong opisyal na ilunsad ang SMEMPCO Mart, isang cooperative enterprise na naglalayong magbukas ng karagdagang oportunidad para sa mga miyembro at komunidad.

Higit pa sa pagiging isang lugar para sa pamimili, ang SMEMPCO Mart ay nagsisilbing halimbawa ng kung paano maaaring maisulong ang isang negosyo sa pamamagitan ng pagkakaisa, pagtutulungan at sama-




samang pagkilos ng mga kasapi ng kooperatiba.

Ang paglulunsad nito ay itinuturing na mahalagang hakbang sa patuloy na pagpapalakas ng SMEMPCO bilang isang organisasyong nagbibigay ng oportunidad sa mga miyembro nito at naglalayong magkaroon ng mas matatag na operasyon.

Nakikiisa naman ang Office of the Municipal Cooperatives Development Officer (OMCDO) sa bawat hakbang ng mga kooperatiba sa Silang. Patuloy itong nagbibigay ng suporta, gabay at mga oportunidad upang matulungan ang mga cooperative na mapalakas ang kanilang operasyon, mapalago ang kanilang mga negosyo at maging mas matatag sa hinaharap.

Sa pamamagitan ng mga cooperative enterprise tulad ng SMEMPCO Mart, nabibigyan ng pagkakataon ang mga miyembro na magkaroon ng karagdagang aktibidad pangkabuhayan habang nakatutulong din sa paglikha ng mas maraming oportunidad sa loob ng komunidad.

Ang paglulunsad ng SMEMPCO Mart ay nagpapakita rin ng potensyal ng sektor ng kooperatiba bilang katuwang sa lokal na pag-unlad, partikular sa pagtataguyod ng mga negosyong nakabatay sa pagkakaisa at kapwa pakinabang.

Patuloy na hinihikayat ang mga kooperatiba sa Silang na palawakin ang kanilang mga inisyatiba at samantalahin ang mga oportunidad na maaaring makatulong sa kanilang paglago at sa pag-unlad ng komunidad.

Ang SMEMPCO Mart ay nagsisilbing bagong yugto para sa SMEMPCO—isang hakbang tungo sa mas maraming negosyo, oportunidad at tagumpay para sa mga miyembro at komunidad ng Silang.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
PAPER.Ph MEMBER
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.



## LIBRENG DINOSAUR...

magtatampok ng mga life-sized dinosaur at iba pang nilalang mula sa sinaunang panahon.

Inaasahang magiging bagong pasyalan ito para sa mga bata, magulang at buong pamilya na nais makaranas ng kakaibang adventure nang hindi kailangang gumastos para sa entrance.

Sa Dasma-Sauric Adventure, masusulyapan ng mga bisita ang mga dinosaur na idinisenyo upang magmukhang kahawig ng mga nilalang na dating namuhay milyon-milyong taon na ang nakalilipas. Layunin nitong maghatid ng masaya at kapana-panabik na karanasan para sa publiko habang nagbibigay rin ng pagkakataong mas makilala ang mundo ng mga prehistoric creatures.

Dahil libre ang pagpasok, inaasahang magiging atraksyon ito para sa maraming pamilya sa lungsod, lalo na ngayong Setyembre. Maaari rin itong magsilbing lugar para sa family bonding at pagkuha ng mga larawan kasama ang mga dambuhalang dinosaur display.

Ayon sa paunang anunsyo, opening soon ngayong Setyembre ang Dasma-Sauric Adventure. Hinihikayat ang mga residente at mga nais bumisita na abangan ang opisyal na detalye tungkol sa eksaktong lokasyon, petsa ng pagbubukas at iba pang impormasyon.

Kaya naman, Dasmariñas—handa na ba kayo? Ihanda ang inyong mga camera at samahan ang buong pamilya sa isang kakaibang paglalakbay pabalik sa prehistoric era sa paparating na Dasma-Sauric Adventure.

## GENERAL TRIAS...

pagtataguyod sa karapatan, pantay na oportunidad, at makabuluhang partisipasyon ng mga Persons with Disabilities (PWDs) sa lipunan.

Tampok sa pagdiriwang ang Disability Knowledge Bowl Quiz Bee na nagsilbing pagkakataon upang masukat at mapalawak ang kaalaman ng mga kalahok hinggil sa mga karapatan at usaping may kaugnayan sa persons with disabilities. Naging bahagi rin ng programa ang Talented PWD, na nagbigay-daan upang maipakita ng mga PWD ang kanilang mga kakayahan at talento.

Iba't ibang booths, aktibidad at papremyo rin ang inihanda para sa mga dumalo, habang nakilahok ang mga kinatawan mula sa 23 lungsod at munisipalidad ng Cavite. Ipinakita nito ang sama-samang suporta ng mga lokal na pamahalaan sa pagsusulong ng isang mas inklusibong komunidad para sa mga PWD.

Sa pamamagitan ng naturang pagdiriwang, muling naipakita ang kahalagahan ng koordinasyon at pagkakaisa ng mga lokal na pamahalaan at mga tanggapan na nagsusulong ng kapakanan at karapatan ng persons with disabilities.

Bilang pagtatapos ng aktibidad, isinagawa rin ang ceremonial turn-over of hosting sa Lungsod ng Dasmariñas, na magsisilbing host ng pagdiriwang sa susunod na taon.

Ang turnover ay simbolo ng patuloy na pagpapatibay ng mga programa at inisyatiba para sa PWDs sa Cavite, tungo sa isang lipunang kumikilala sa kanilang karapatan at nagbibigay ng pantay na pagkakataon para sa lahat.

## DILG 60TH...

II Jean Valerie Bautista, DILG-Indang Apprentice, ang briefing sa ilalim ng paggabay ni MLGOO Anne Kimberly P. Babaan. Layunin nitong maibahagi sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan ang mga resulta ng isinagawang Key Informant Interview (KII), kabilang ang mga obserbasyon, mahahalagang pananaw at rekomendasyon para sa patuloy na pagpapahusay ng operasyon ng LGU.

Isinagawa ang aktibidad noong Setyembre 10, 2026 sa Office of the Mayor Conference Room at dinaluhan ng mga Municipal Department Heads at Unit/Section Chiefs ng Lokal na Pamahalaan ng Indang. Pinangunahan naman ito ni Municipal Mayor Virgilio F. Fidel.

Sa briefing, binigyang-pansin ang mga natukoy na obserbasyon mula sa KII at ang mga posibleng hakbang upang higit pang mapahusay ang mga proseso, koordinasyon at paghahatid ng serbisyo ng lokal na pamahalaan.

Higit pa sa pagiging bahagi ng apprenticeship requirements, nagsilbi rin ang executive briefing bilang pagkakataon para sa mga opisyal at kawani ng LGU na makinig, magnilay at talakayin ang mga pananaw na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng local governance.

Ipinakita rin ng aktibidad ang kahalagahan ng pakikipagtulungan at bukas na komunikasyon sa loob ng isang lokal na pamahalaan. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng obserbasyon at rekomendasyon, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga tanggapan na matukoy ang mga aspeto ng kanilang operasyon na maaari pang pagbutihin.

Patuloy namang isinusulong ng Pamahalaang Bayan ng Indang ang kultura ng pakikipagtulungan, alignment at continuous improvement bilang bahagi ng layunin nitong mapahusay ang serbisyo publiko at matugunan ang mga pangangailangan ng mga Indangueño.

Sa pamamagitan ng mga ganitong programa at proseso, naipapakita ang kahalagahan ng isang organisasyong marunong makinig, kumilos at sama-samang maghanap ng mga paraan upang makapaghatid ng mas mahusay na resulta para sa komunidad.

## P4.6-M PONDO...

KAWIT, CAVITE — Pormal nang tinanggap ng Pamahalaang Bayan ng Kawit ang P4.6 milyong project funds mula sa national government bilang bahagi ng Bawat Barangay Makikinabang Program, na naglalayong palakasin ang mga proyekto at pangangailangan ng bawat komunidad.

Ayon sa lokal na pamahalaan, ang pondong natanggap ng Kawit ay pantay na ipamamahagi sa 23 barangay ng bayan upang makatulong sa pagpapatupad ng mga priority projects at iba pang programang kinakailangan ng mga residente.

Kabilang sa mga maaaring makinabang sa pondo ang mga barangay scholars, habang maaari rin itong gamitin para sa iba pang prayoridad at pangangailangan ng bawat barangay, alinsunod sa mga itinakdang layunin ng programa.

Sa pamamagitan ng pantay na paglalaan ng pondo, inaasahang mas mapapalakas ang kakayahan ng bawat barangay na tumugon sa mga pangangailangan ng kanilang mga residente at maisulong ang mga proyektong may direktang pakinabang sa komunidad.

Binigyang-diin ng Pamahalaang Bayan ng Kawit na ang programa ay makatutulong upang mas maging mabilis at organisado ang paghahatid ng serbisyo sa iba't ibang barangay, lalo na sa mga proyektong itinuturing na prayoridad ng bawat komunidad.

Inaasahan ding magsisilbing dagdag na suporta ang pondo sa pagpapaigting ng mga lokal na programa para sa edukasyon, community development at iba pang pangangailangan ng mga mamamayan.

Sa pagpapatupad ng Bawat Barangay Makikinabang Program, layunin ng pamahalaan na matiyak na ang mga barangay ay may sapat na suporta upang makapagpatupad ng mga proyektong makatutugon sa kanilang partikular na pangangailangan at makapaghatid ng mas maayos na serbisyo sa mga residente ng Kawit.




## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) – Susumpungin ka ng katamaran. Para maiwasan, mag-ehersisyo hangga't lumabas ang pawis. Kung susundin ang payo, magiging masigla at kabigha-bighani ka, madaling makausap at walang magiging problema. Lucky numbers at color for the day ang 16, 25, 38, 42 at fuchsia.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) – Kailangan mo ang tulong ng iba sa problema. Ang tamang payo ang makakalutas ng suliranin. Lucky numbers at color for the day ang 10, 9, 29, 40 at lavender.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) – Pag-aralan ng mabuti ang damdamin at saloobin tungkol sa kanya. Huwag magpadalos-dalos. Lucky numbers at color for the day ang 15, 29, 32, 41 at yellow.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) – May nakaambang panganib sa relasyon. Para maiiwasan, huwag muna makikipag-date. Lucky numbers at color for the day ang 18, 20, 26, 33 at indigo.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) – Mahihirapan kang makitungo sa mga taong nakapaligid, pero magiging masaya ka. Lucky numbers at color for the day ang 16, 25, 26, 41 at pink.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) – Hindi mapipigilan ang tukso na darating. Pero ang sarili ay mapipigilan para hindi matangay ng tukso. Lucky numbers at color for the day ang 4, 7, 33, 39 at green.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) – Huwag biguin ang alok ng kaibigan, dahil may mapapala. Maliban kung labag sa batas ng tao. Lucky numbers at color for the day ang 17, 20, 36, 39 at orange.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) – Dahil sa kakapusan, magiging sensitibo ka sa bagay na may kinalaman sa pinansiyal. Lucky numbers at color for the day ang 18, 26, 36, 42 at ocean blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) – Mababakas ang labis na kalungkutan sa mukha. Pag-aralan ng mabuti ang damdamin. Lucky numbers at color for the day ang 18, 23, 25, 36 at beige.

GEMINI : (May.21-Hun. 21) – Kung may suliranin tungkol sa pag-ibig, madali kang makakahagilap ng tamang solusyon. Lucky numbers at color for the day ang 6, 7, 35, 41 at magenta.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) – May kapalpakan na magagawa kung hindi mag-iingat. Repasuhin ang dapat gawin. Lucky numbers at color for the day ang 7, 14, 34, 38 at violet.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) – Huwag ka magtiwala sa mga kasamahan sa trabaho. May naghahangad ng puwesto mo. Lucky numbers at color for the day ang 12, 14, 33, 41 at brown.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee
Versus

**SPS. ROSHA S. BELENO AND**
**PAOLO LEONCIO C BELENO, JR.,**
Debtor/Mortgagor.

**FORECLOSURE CASE NO. F-640-26**
x-----------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgager, **BDO UNIBANK, INC.,** with business address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City against the Debtor/Mortgagor, **SPS, ROSHA S. BELENO AND PAOLO LEONCIO C. BELENO, JR.,** with postal addresses at (1) Lot 120 Block 15 KS6 Lancaster, Barangay Navaro, General Trrias, Cavite (currently occupied); and (2) Lot 22 Block 67 Grand Catalina, Antel Grand Village, Barangay Bacao , General Trias, Cavite (vacant Lot), to satisfy the mortgage indebtedness which as of July 19, 2026 amounts to **TWO MILLION NINE HUNDRED NINE THOUSAND SIX HUNDRED NINETY SEVEN PESOS AND 33/100 (PhP2,909,697.33),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **September 29, 2026 at 10:00 o'clock** in the morning until 12:00 o'clock noon at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit :

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**No. 057-2022017821**

**Lot No: 22, Block No: 67, Plan No: PCS-04-030104**

**Portion of:** THE CONSOLIDATION AND SUBDIVISION OF LOTS 1, BLK. 61, 5, BLK. 60, 3, BLK. 59, 4, BLK. 58, 4, BLK. 57, 4, BLK. 56, 22, BLK. 53, 7-9, BLK. 5, & 6, BLK. 6, ALL OF PCS-04-017881, 23, BLK. 66, 9 & 20, BLK, 71, 9 & 20, BLK. 70, ALL OF PCS-04-026735, 1567, (FRS-04-005500), 1568, (FRS-04-005505), 1569, (RS-04-003739) & 1577, (RS-04-005100, SAN FRANCISCO DE MALABON ESTATE LRC RECORD NO. 5964

**Location:** BARANGAY OF BACAO II, MUNICIPALITY OF GEN. TRIAS, PROVINCE OF CAVITE

**Boundaries:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NW | LOT 1, BLOCK 67, PCS-04-030104 |
| 2-3 | NE | ROAD LOT 70, (10.00 M. WIDE), PCS-04-030104 |
| 3-4-5-6-7-8 | NE,SE | ROAD LOT 73 (10.00 M. WIDE), PCS-04-030104 |
| 8-1 | SW | LOT 21, BLOCK 67, PCS-04-030104 |

Area: **ONE HUNDRED FORTY EIGHT (148) SQUARE METERS**

All sealed bids must be submitted to the undesigned on the above-stated time and date

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on OCTOBER 06, 2026 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be

Trece Martires City, August 28, 2026

**REYNALDO L. SALOMA**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
**CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

**SPS. ROSHA S. BELENO AND**
**PAOLO LEONCIO C. BELENO, JR.,**
(1) Lot 120 Block 15 KS6 Lancaster, Barangay Navarro, General Trias, Cavite (currently occupied);
(2) Lot 22 Block 67 Grand Catalina, Antel Grand village, Barangay Bacao, General Trias, Cavite (vacant Lot),

**WARNING:** It is absolutely to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: **PAHAYAGAN NG KABITENYO**
Date of Publication: **AUGUST 31, SEPTEMBER 7 & 14, 2026**

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**Regional Trial Court of Cavite**
**Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff**
**New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue,**
**Kaybagal South, Tagaytay City**
Email Address: rteltgtocc@judiciary.gov.ph
Contact Nos. 09676699985/(046) 419-0464

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,
-versus-

**SPS. NOEL M. GALICIA AND**
**MARIE KRISTYN T. GALICIA,**
Debtors-Mortgagors.

**EJF NO. TG-26-078**
**FOR:** Application for Extra-Judicial Foreclosure of Mortgage (under Act No. 3135, As Amended)
x-----------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act No. 4118, filed by mortgagee **BDO UNIBANK, INC.,** a universal banking corporation duly organized and existing under the laws of the Republic of the Philippines, with principal office address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, #12 ADB Avenue, Mandaluyong City, pursuant to the terms and conditions of the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate) executed and notarized on November 26, 2020 by mortgagors **SPS. NOEL M. GALICIA AND MARIE KRISTYN T. GALICIA,** both of legal age, Filipinos, and with postal addresses at (1) Lot 18 Block 2b, Leo Street, The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus, Cavite; (2) Block 2B Lot 18, The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus City, Cavite and (3) Unit 0318 3rd Floor Wind Residences Tower 3, Maharlika West, Tagaytay City, in favor of the mortgagee, over real estate property including improvements thereon, described in and covered by **CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2020001629** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the mortgagors in the amount of **TWO MILLION THREE HUNDRED THREE THOUSAND SIXTY-FIVE PESOS AND 83/100 (Php2,303,065.83),** as of July 20, 2026, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Oliver N. Mendoza, will sell at public auction on **October 8, 2026 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 076-2020001629**
**Registry of Deeds for Tagaytay City**

"IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER 3 - 3rd FLOOR -UNIT-0318, RESORT RESIDENTIAL UNIT-2,UNIT AREA-34.89 SQ. METERS

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012004157; 2012004158; 2012004159** which embraces and describes the land located at MAHARLIKA WEST, TAGAYTAY CITY with an area of **SEVENTEEN THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY-TWO (17,662) Square Meters,** is registered in the name of

Owner: **SPOUSES NOEL M. GALICIA AND MARIE KRISTYN T. GALICIA, FILIPINOS**

**Address:** BLOCK 2B, LOT 18, THE AVIGNON PLACE, BUHAY NA TUBIG, IMUS CITY, CAVITE

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on October 15, 2026 without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2020001629** the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, August 24, 2026.

**ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**OLIVER N. MENDOZA**
Sheriff-in Charge

**WARNING:**
IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW

**Note:**
Publication was awarded to: **PAHAYAGAN NG KABITENYO**
Date of Publication: **AUGUST 31, SEPTEMBER 7 & 14, 2026**

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
Mortgage
33rd Floor BDO Corporate Center Ortigas,
#12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**SPS. NOEL M. GALICIA AND**
**MARIE KRISTYN T. GALICIA**
Debtors/Mortgagors
(1)Lot 18 Block 2b Leo Street. The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus, Cavite
(2) Block 20B Lot 18. The Avignon Place, Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
(3) Unit 0318 3rd Floor, Wind Residences Tower 3, Maharlika West, Tagaytay City








## D' INDOOR...

kanilang talento sa iba't ibang larangan ng palakasan.

Kabilang sa mga aktibidad na maaaring gawin sa DISC ang badminton, pickleball, volleyball, basketball at gymnastics. Mayroon din itong gym facility para sa weightlifting at iba pang fitness activities.

Bukas ang pasilidad para sa mga Caviteñong nais maglaro, magsanay at magkaroon ng mas aktibong pamumuhay kasama ang kanilang pamilya at mga kaibigan.

Bukod sa pagbibigay ng lugar para sa recreational activities, inaasahang makatutulong ang sports center sa paghubog ng mga bagong atleta at potensyal na future champions mula sa Cavite City.

Layunin din ng pasilidad na mapalakas ang interes ng mga residente sa sports at fitness, habang nagkakaloob ng espasyong maaaring gamitin para sa pagsasanay, kompetisyon at iba pang aktibidad na may kaugnayan sa palakasan.

Sa pagbubukas ng D' Indoor Sports Center, mas marami nang Caviteño ang magkakaroon ng pagkakataong maging aktibo, mapaunlad ang kanilang kakayahan at makilahok sa iba't ibang sports.

Ang DISC ay inaasahang magiging bagong sentro ng sports at

## MAGALLANES LGU...

presentasyon ng isang e-jeepney noong Setyembre 10, 2026, bilang bahagi ng patuloy na pagsusuri ng lokal na pamahalaan sa mga alternatibong solusyon para sa mas moderno at episyenteng sistema ng pampublikong transportasyon.

Dinaluhan ang aktibidad ng mga lokal na opisyal sa pangunguna ni Mayor Janessa Maligaya de Ramayo, kasama si Vice Mayor Aina Mari Sisante-Maligalig, iba pang municipal officials at mga kinatawan mula sa lokal na sektor ng transportasyon.

Ipinakita ng Global Electric Transport (GET Philippines), sa pangunguna ng founder at CEO nitong si Sigfrido "Freddie" Rodriguez Tiñga, ang e-jeepney bilang posibleng alternatibong mass transport solution para sa bayan.

Bukod sa pagiging fully electric, tampok sa ipinakitang sasakyan ang air-conditioned passenger compartment na maaaring magbigay ng mas komportable at maayos na biyahe para sa mga commuter.

Ayon kay Mayor de Ramayo, bahagi ng inisyatiba ang pangmatagalang bisyon ng lokal na pamahalaan na magkaroon ng pampublikong transportasyong mas ligtas, komportable at makakalikasan.

Ang paggamit ng electric vehicles ay pinag-aaralan din bilang isang hakbang tungo sa mas environmentally sustainable na transport system, habang isinasaalang-alang ang pangangailangan ng mga commuter at mga operator sa Magallanes.

Patuloy pa rin ang pagsusuri ng Pamahalaang Bayan sa posibilidad ng pagpapatupad ng e-jeepney system. Kabilang sa mga kailangang isaalang-alang ang operational requirements, pangangailangan ng mga pasahero, kapasidad ng lokal na transport sector at iba pang salik bago gumawa ng pinal na desisyon.

Kung maisasakatuparan, maaaring maging bahagi ang e-jeepney ng mas modernong sistema ng pampublikong transportasyon sa Magallanes at makatulong sa pagsusulong ng mas ligtas, episyente at sustainable na mobility para sa mga residente.

## BOOKKEEPER...

Commission (CSC).

Ang pagkilalang ito ay patunay sa kanyang dedikasyon, kahusayan at katapatan sa pagsasagawa ng tungkulin bilang isang lingkod-bayan. Bukod sa kanyang responsibilidad bilang bookkeeper, nagsisilbi rin si Balayan bilang President ng Bookkeepers Association ng Schools Division Office (SDO) Cavite.

Ang Gawad Lingkod Bayani ay isang pagkilala para sa mga kawani ng pamahalaan na nagpapakita ng natatanging pagganap, integridad at dedikasyon sa serbisyo publiko. Binibigyang-pugay nito ang mga lingkod-bayan na gumagawa ng higit sa karaniwang inaasahan upang makatulong at makapaglingkod nang mas mahusay sa kanilang mga kapwa Pilipino.

Bilang Senior Bookkeeper, mahalaga ang papel ni Balayan sa maayos na pangangasiwa ng mga gawaing pinansyal at administratibo ng paaralan. Ang kanyang pagkilala bilang regional qualifier ay nagsisilbing inspirasyon sa iba pang kawani na patuloy na gampanan ang kanilang mga tungkulin nang may pananagutan at malasakit.

Ipinahayag naman ang karangalan ng Lokal na Pamahalaang Bayan ng Silang sa pagkakaroon ng isang lingkod-bayan na patuloy na nagbibigay ng higit sa inaasahan sa kanyang trabaho at nagsisilbing huwaran sa kapwa kawani ng pamahalaan.

Sa pamamagitan ng pagkilalang ito, muling naipakita ang mahalagang ambag ng mga ordinaryong lingkod-bayan sa paghahatid ng mahusay at tapat na serbisyo sa publiko.

Ang tagumpay ni Balayan ay hindi lamang personal na karangalan kundi pagkilala rin sa dedikasyon ng mga kawani sa sektor ng edukasyon at sa patuloy nilang paglilingkod sa mga mag-aaral at komunidad.

## CALAX...

(DENR), Department of Public Works and Highways (DPWH), Sangguniang Bayan ng Kawit, at Punong Barangay ng Barangay Marulas.

Pangunahing tinalakay sa mga pagpupulong ang kasalukuyang sitwasyon ng pagbaha at mga posibleng hakbang upang mapabuti ang daloy ng tubig sa mga lugar na apektado.

Kabilang sa mga mungkahing hakbang ang pagtatayo ng pansamantalang earth canal sa ilalim ng CCLink Project, sa pangunguna ng Imus City Local Government Unit (LGU), gayundin ang dredging at paglilinis ng mga daluyan ng tubig. Binibigyang-diin din ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na koordinasyon sa pagitan ng project team at mga LGU upang matukoy at maresolba ang mga posibleng problema sa drainage at water flow.

Sa mga talakayan, binigyang-pansin din ang ilang kondisyon sa lugar na maaaring makaapekto sa daloy ng tubig. Kabilang dito ang mababaw na bahagi sa upstream ng na-rechannel na San Juan River, mga bagong development at konstruksyon sa Kawit, at mga istrukturang itinayo ng mga informal settlers malapit sa mga daluyan ng tubig.

Naitala rin ang presensya ng ilang bangka at isang barge sa lugar na hindi pagmamay-ari ng CALAX, na kabilang sa mga kondisyong isinasaalang-alang sa pagsusuri sa daloy at drainage ng tubig.

Bukod sa mga pagpupulong, nagsagawa rin ang project team ng inspeksyon sa kahabaan ng Pag-asa River upang suriin ang kondisyon ng mga umiiral na drainage infrastructure. Sa isinagawang pagbisita, nakita na nananatiling maayos ang kondisyon at operasyon ng kasalukuyang culvert na may lapad na 7.2 metro.

Ayon sa project team, mahalaga ang patuloy na koordinasyon at sama-samang pagkilos ng mga ahensya, lokal na pamahalaan at iba pang stakeholders upang matukoy ang mga praktikal na solusyon sa mga hamon na dulot ng pagbaha.

Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, nananatiling nakatuon ang CALAX at CAVITEX-CALAX Link sa pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan at iba pang katuwang upang makatulong sa pagpapabuti ng flood mitigation efforts.

## HANDOG NG PANGULO

services at iba pang uri ng assistance.

Tampok sa aktibidad ang Trabaho Agad Job Fair, kung saan 48 kumpanya ang lumahok at nag-alok ng libo-libong oportunidad sa mga jobseeker na naghahanap ng trabaho at panibagong pagkakataon para sa kanilang kabuhayan.

